

Mga Opsyon sa Pagsusuri sa COVID-19 Upang Matukoy ang Kasalukuyang Impeksyon

Ang pagsusuri para sa COVID-19 ay nagbibigay-daan para sa maagang pagtukoy sa SARS-CoV-2, ang virus na nagiging sanhi ng COVID-19. Ang pagsusuri ay tumutulong upang matukoy ang sinumang nalantad sa isang tao na nasuring may COVID-19 at makakatulong na itigil ang pagkalat ng virus. Repasuhin ang impormasyon sa ibaba para malaman ang tungkol sa mga opsyon sa pagsusuri.

	 Molekular na Pagsusuri	 Antigen na Pagsusuri
Kilala rin bilang	Baliklad na Transkripsyon Polymerase Chain Reaction (PCR) na pagsusuri.	Mabilis na pagsusuri (bagama't ang ibang PCR na pagsusuri ay matatawag din na mabilis na pagsusuri).
Paano ginagawa ang pagsusuri?	Ang isang manipis at nababaluktot na swab ay ipinapasok sa ilong o ang isang sampol ng laway ay kinokolekta.	Ang isang manipis at nababaluktot na swab ay ipinapasok sa ilong o lalamunan.
Saan makukuha ang pagsusuri?	Ang mga laboratoryong pasilidad at lugar tulad ng klinika ng kalusugan, parmasiya, ospital, Estado at mga lugar ng pagsusuri sa County.	Ang mga laboratoryong pasilidad at lugar tulad ng klinika ng kalusugan, at mga parmasiya. Ang mga kit ng pagsusuri na hindi kailangan ng reseta ay makukuha sa mga parmasiya o sa online.
Kailangan ba ng ng isa pang pagsusuri?	Ang pagsusuri na ito ay karaniwang tama at itinuturing na gintong pamantayan sa pagtukoy sa virus, kaya hindi karaniwang kailangang ang isa pang pagsusuri.	Ang resulta ay posibleng kailangan ng molekular na pagsusuri para makompirma. Ang positibong resulta ay karaniwang tama lalo na sa mga taong may sintomas.
Gaano katagal makukuha ang resulta?	Ang mga resulta ay makukuha sa loob ng 1-3 araw	Ang mga resulta ay makukuha sa humigit-kumulang 15-30 minuto
Magkano ang bayad sa pagsusuri?	Ang COVID-19 na pagsusuri ay makukuha ng walang bayad sa iyong tagapaggamot. Ang libreng PCR na pagsusuri ay makukuha sa ilang lokasyon sa San Diego County.	Ang pagsusuri ay karaniwang naghahalaga mula \$5-\$50, gayunpaman ang halaga ay maaaring mag-iba-iba depende sa lokasyon.

Ang Pagsusuri ay Inirerekomenda Kung:

- May nararamdaman kang mga senyales o [sintomas ng COVID-19](#) nabakunahan man o hindi o bago mahawa sa sakit.
- Nagkaroon ka ng [malapit na kontak](#) sa isang tao na komfirmadong may COVID-19.

- Hindi ka pa nababakunahan para sa COVID-19 at kamakailan lamang ay hindi ka ligtas na nakadistansya sa iba sa isang aktibidad o kaganapan at nag-aalala tungkol sa posibleng [pagkalantad](#).
- Ikaw ay hinilingan o tinukoy sa [pagsusuri](#) bigay ng tagapangalaga sa kalusugan, o [estado](#), [tribo](#), [lokal](#), o teritoryal na [kagawaran ng kalusugan](#).

Para sa karagdagang impormasyon sa pagsusuri sa COVID-19, bisitahin: coronavirus-sd.com/testing